

# Chapter One

“O, Sari, kumusta ang pasada?”

Napaigtad si Sari nang marinig ang pagsambit ni Kardo sa pangalan niya.

Nasa unahan na ng linya ang inarkila niyang tricycle at nakatunganga siya sa mga damong ligaw na nagsasayaw sa two-lane road habang naghihintay ng pasaherong sasakay. Katapat ng paradahan ng tricycle ay ang higanteng itim na gate ng isang high-end subdivision—ang *Universa East*. Sa loob niyon ay masisilip ang naglalakihang mga bahay at mga sasakyang hindi mapingasan sa ganda at kintab.

Gigil niyang nakamot ang ilong. “Ito, tagtuyot na naman! Tuyot na tuyot ang bulsa ko. Mas tuyot pa sa nalantang talulot ng bulaklak!” ingos niya, sabay sipa

sa unahang goma ng tricycle.

Umalpas ang tawang tunog-baboy mula sa lalamunan ni Kardo. “Sa akin nga mas tuyot pa sa kulubot na balat ng asawa ko, eh!”

“Ungas!” natatawa niyang sikmat sa lalaki, sabay kamot uli sa ilong. Itinuon niya ang mga mata sa dulo ng kalsada at namataan ang papalaking pigura ng sasakyan. “Ito, parating na ang biyaya ko.”

“Paanong naging biyaya sa iyo iyan? Ano, ipapatong ba sa bubong ng tricycle mo ang pickup?”

“Hindi. Basta, titirik iyan,” pabiro niyang sabi. Sakto namang tumirik ang itinurong pickup sa gitna ng malawak na kalsada. Halos masilaw sila sa liwanag ng araw na tumatama sa katawan niyon na kasingkulang ng mansanas ni *Snow White*.

Nagpalitan sila ng napapantastikuhang tingin ni Kardo.

“Umamin ka, may sa mala-demonyo iyang dila mo!” bulalas nito saka humagalpak ng tawa.

“Wala, ’oy! Coincidence ang tawag diyan,” depensa niya.

“Wow, English! Wala namang ganyanan.”

“Ulol!” Pinaandar ni Sari ang tricycle at pinaharurot patungo sa tumirik na pickup. Bumaba siya at kumatok sa side window ng sasakyan. “Sir, okay

lang ho ba kayo riyon sa loob?”

Walang sumagot. Lagot, mukhang natuluyan na ang driver ng pickup. Na-meet na yata nito si Lord.

Paatras na siya nang biglang gumulong pababa ang salaming bintana ng sasakyan. Tila lumipad at humalik sa mga ulap ng kalangitan ang munting puso ni Sari nang mamalas ang guwapung-guwapong mukha ng binata sa likod ng steering wheel.

Maalun-alon ang maigsi nitong buhok, maputi at makinis ang kutis. Hayop sa kinis, kutis virgin! Matangos ang ilong nito na tila kay sarap kagatin ng dulo. Masigla ang kulay ng mga labi. Mga labing gusto niyang kainin nang buo.

“Ampocha, nasa langit na yata ako...” wala sa loob niyang usal. Nag-materialize sa tabi niya si Sheryl Cruz at bumanat ng kantung *Mr. Dreamboy*.

*Ang isip ko'y litong-lito*

*Di ko alam ang gagawin*

*Hirap ako sa paghuli ng 'yong pansin*

*Kapag nasasalubong ka*

*Dibdib ko'y kakaba-kaba*

*Pati ang tuhod ko'y nanlalambot na rin.*

Nakasimangot na ipinitik ng binata ang mga

daliri sa tapat ng mukha niya na padikit nang padikit na sa nakabukas na bintana ng sasakyan nito. “Hey, Miss!” pasuplado nitong tawag sa kanya. “Could you please move back? Ang ulo mo papasok na sa loob ng sasakyan ko,” nakasimangot pa rin nitong dugtong.

Napatuwid siya ng tayo. “Ay, sorry, Bossing.” Napahaplos siya sa batok at bahagyang namula ang magkabila niyang pisngi. Akalain ba naman niyang buhay pa pala ang parteng sirena ng pagkatao niya. Hayun at kumakawag ang buntot ng Sirenang Eba dahil sa labis na kilig.

Tiyak na magpapatumba ng tipaklong ang ama niya kapag nalaman nitong kinilig ang anak nitong kilos-lalaki at mas matapang pa kaysa mga naturingang totoong Adan. Mabuhay ang nagising na Eba sa katawan ni Sari Silang!

“Bossing, mukhang nasiraan kayo, ah?” aniya kapagkuwan saka pasimpleng inipit sa likod ng tainga niya ang ilang hibla ng buhok na kumawala mula sa pagkakatali at sadyang pinakinang ang kanyang mga mata.

Nagsalubong ang mga kilay ng binata. Binalewala nito ang pag-special kumbulsyon ng pilikmata niya.

“I’m okay,” tipid nitong wika, sabay sara sa power window. Hindi man lang nito na-appreciate ang

kanyang rugged beauty. Sabagay, sino ba nama'ng Adan ang maa-attract sa kanya na nakapantalón at simpleng t-shirt lang?

“Sana hindi umandar ang sasakyan mo.” Naghugis-puwit ng pato ang mga labi niya.

Hindi nga umandar ang sasakyan at pagkaraan ng limang minuto ay iritadong bumaba ng pickup ang lalaki. Napatingala siya sa tangkad nito.

*Grabe, bakulaw ang height at ang guwapo niya!* tili ng isip niya.

May tinawagan ito para i-pick up ang sasakyan. “Hey,” baling nito sa kanya matapos ang maikling sandali.

“Ako po, Bossing?” di-makapaniwalang turo niya sa sarili.

Lalong umasim ang mukha nito. “Yes, you.”

“Ano po ang maipaglilingkod ko sa inyo, Bossing?” Kulang na lang ay maglatag siya ng tela at luhuran ito.

“Naubusan ng gasolina ang sasakyan ko. Ihatid mo ako sa loob ng subdivision.”

“Ay, sige po! Sakay na ho kayo.” Yumukod siya at pinagpag ang upuan para sa pasahero.

Walang kangiti-ngiting kumilos ang binata. Halos hindi ito magkasya sa tricycle niya. Ang laking tao naman kasi nito. Sa buong durasyon ng byaheng

kasama niya ang lalaki ay hindi siya nakapagpokus sa pagda-drive. Distracting kasi ang presensya nito at idagdag pang napakabango ng estranghero.

Dapat ay magkrus uli ang mga landas nila. Kung kailangan niya itong sundan hanggang sa paraiso ni Bathala ay gagawin niya. Sigurado siyang ito na ang lalaki sa kanyang mga panaginip.



Pagkalabas na pagkalabas ng pamilyar na pickup mula sa itim na gate ay mabilis na rin niyang binuhay ang makina ng inarkila niyang taxi sa kapitbahay nilang si Mang Kanor. Kung hindi tricycle ay taxi ang minamaneho niya.

Kaskasera si Sari at normal na sa kanya ang magpalipad ng sasakyan. Reyna siya ng kalsada kapag four-wheel motor vehicle ang minamaneho, kaya hindi nagkaroon ng tsansang makawala sa paningin niya ang pickup ng binatang napupusuan.

Humantong sa tapat ng four-storey office building ang sasakyan. Huminto siya ilang metro ang layo mula sa pinagparadahan ng pickup at nagmanman nang mabuti.

Nanginig ang sikmura niya nang makita ang mukha at matikas na tindig ng kanyang dreamboy. Puting polo shirt at slimfit jeans ang suot nito. May

suot na sunnies ang lalaki at may kipit-kipit na black executive bag.

Umalsa sa balunbalunan niya ang kilig. “Ang guwapo niya!” Katunayan niyan ay napapalingon dito ang kababaihang naglalakad sa tapat ng gusali.

Dali-daling bumaba ng taxi si Sari nang hindi na abot ng kanyang tanaw ang binata. Lumapit siya sa tindera ng mga candy at chichiria na nakapuwesto sa tapat ng naturang building. Dinampot niya ang bubblegum at kaagad na binalatan saka isinubo. Inabot niya ang piso sa tindera at kaswal na isinabit ang kamay sa bubong ng maliit na pushcart.

“Manang, kilala n’yo ho ba kung sino iyong guwapong lalaki na kakapasok lang sa building na iyan?” pang-uusisa niya.

“Iyong suplado?” kunot-noong tanong ng tindera na nagulat pa sa biglang pagsulpot niya.

“Opo!”

“Si Sir Chase iyon. Sir Chase Tan. Sales director diyan sa *Universa Prime*.”

“*Universa Prime*?”

“Real estate. Land developer ’ata. Parang gan’un. Bakit ba?”

“Eh, crush ko kasi iyong Sir Chase. Ang guwapo niya, ano, Manang?”

“Ays, isnabero naman at masama ang ugali.”

Nadagdagan ng ilang patong na kulubot ang dati nang nangungulubot nitong noo.

“Ito namang si Manang, umaalingasaw ang baho ng pagkadisgusto mo d’un sa tao,” ngingitngiti niyang sabi. Tumalikod na siya at bumalik sa nakaparada niyang taxi. Aabangan niya ang paglabas ni Chase.



“Bossing! Bossing!”

Nangunot ang noo ni Chase nang marinig ang di-pamilyar na tinig ng babae. Maging ang mga kasama niyang junior at senior sales executives ay napaligon din sa pinanggalingan ng boses.

Tumambad sa kanila ang nakangising babae na nakaitim na t-shirt at simpleng pantalon na ginirian pa sa bandang tuhod. Panay ang kaway nito sa grupo nila.

“Keep walking, guys,” utos niya sa mga sales executives na under sa supervision at kabilang sa team niya.

Nagbulungan ang mga ito. Gayunman ay wala siyang narinig na direktang pang-uusisa sa kanya. Takot ang mga itong mapagalitan, lalo na’t mainit ang ulo niya at kanina lang ay nag-almusal na ng masasakit na salita ang mga ito.



“Bossing!” sigaw uli ng babae.

“Shit!” Paglingon uli niya ay arm’s length na lang ang layo ng babae sa kinatatayuan niya. Naduling siya sa lapit nito. “The hell! What is wrong with you?” pagalit niyang tanong dito.

“Sorry ho, Bossing. Io-offer ko ho sanang sa akin na kayo sumakay. Saan ba ang punta n’yo?”

“May kanya-kanya kaming sasakyan, Miss,” aniya at nagpatuloy sa paglalakad.

Um-overtake ang babae at humarang sa daanan niya. “Sige na po, Bossing. Libre ko na ho sa inyo. Sayang ang gasolina n’yo. Mabigat ang traffic pag ganitong oras. Gitgitan ang mga sasakyan sa kalsada. Sa akin na kayo sumakay. Ihahatid ko rin kayo pabalik dito.”

“No.”

Nalukot ang ilong ng kausap pero hindi siya nito tinantanan. Tila ito manok na may tinutukang anay sa likod niya kaya panay ang sunod. Binalewala niya ang babae at sumampa sa driver seat ng kanyang pickup. Sa unang subok pa lang ay pumalpak na ang makina ng sasakyan. Nag-init kaagad ang batok niya at sinubukan pa uli niya nang paulit-ulit.

Halos mapigtas ang kanyang pasensya nang marinig ang sunud-sunod na pagpitik ng babae sa

bubong ng sasakyan niya.

“Naku, hindi na aandar iyan. Nand’un lang ang taxi ko, o. Tara na?” Ngising-ngisi ito.

“This is not happening,” he murmured.

Nag-abang si Chase ng bakanteng taxi sa tabi ng kalsada, pero pulos okupado lahat. Inabot pa ng sampung minuto ang pagmamatigas niya bago siya tuluyang sumuko at sumakay sa taxi ng lady driver na hindi umalis sa tabi niya. Dapat talaga pumayag na siyang sumakay ang buong team sa taxi nito kanina para hindi sila napagsosolo ngayon.

“Sir, you want candy?” tanong nito sa kanya nang nasa loob na siya ng taxi nito. “Marami ako rito.”

“No, thanks.”

“Sige na, Sir. Para masayaran ng matamis ang dila n’yo,” pangungulit nito.

Tinapunan niya ng makahiwa sa talim na tingin ang babae.

“Sir naman, pinaaurong n’yo ang dila ko, eh,” nakangisi pa rin nitong sabi. “Alam n’yo, Sir, mas bagay sa inyo ang nakangiti.”

“Oh God,” eksasperado niyang sambit. “Just drive, okay?” Nahilot niya ang sentido.

“Sir, masakit ho ang ulo n’yo? May gamot din ho ako—”

“Shut up, will you?” sikmat niya sa dalaga saka ipinokus ang mga mata sa labas ng bintana. Mabubutas ang tainga niya sa sobrang daldal nito.

Nanahimik ang lady driver. Mabuti naman dahil kaunti na lang talaga ay aalpas na mula sa lalamunan niya ang mabentang linyang: *Stop the car!*



“Hell. Yes, impyerno ang buhay ko dito, babe. Hindi ko maintindihan kung ano ang pinupunto ng ama ko sa pagpapatapon niya sa akin dito sa Negros at sa pag-assign sa akin bilang sales director ng sarili naming kompanya,” pagsusumbong ni Chase sa kanyang long-time steady girlfriend na nasa Manila ngayon kaya sa phone lang sila nakakapag-usap. Nakahimpil na ang sasakyan niya sa parking space ng *Universa Prime*. Napatingnan na niya iyon sa auto repair shop.

In-unlock niya ang pinto ng pickup at bumaba ng sasakyan. Pagkakita niya pa lang sa main entrance ng building ay umasim na ang sikmura niya.

“Maybe because you party too much?”

“Nonsense. That’s part of my job.”

“Of course, dahil isa kang sikat na modelo slash big shot TV commercial producer.”

Napabuga lang ng hangin ang binata.

“So you think ginagawa niya iyan just because he hates you? A normal father wouldn’t hate his son, unless may psych disorder or dark issues iyong tatay.”

Nag-flashback sa utak niya ang biglang pagsulpot ng ama sa tapat ng kanyang condo unit nang nakaraang buwan at pinapupunta siya ng Negros upang magtrabaho sa *Universa Prime* hindi pa bilang big boss kundi bilang isang dakilang sales director. Kung ano ang dahilan nito ay hindi na nito sinabi pa sa kanya.

Kailangan niya ang impluwensya at pera ng ama para mas maging makapangyarihan sa mundong pinasukan. Puwede siyang tumanggi, subalit nanaig ang espiritu ng pagkaganid. He was already becoming too greedy that time. Isa pa ay binalaan siya nitong ipapasa ang pamamahala sa kompanya kay Kendall, na nakababata niyang kapatid, kapag kaagaran siyang tumanggi.

Pumayag na rin si Chase sa kagustuhan nito dahil pagkatapos ng gagawin niyang pagbibigay-serbisyo sa kanilang kompanya ay ibibigay nito ang lahat ng suporta para mahawakan niya ang pinakamakinang na trono sa industriyang kinahuhumalingan niya.

Gayunman ay hindi pa rin niya maintindihan kung bakit hindi na lang siya suportahan ng kanyang

ama at may mga bagay pang kailangang gampanan niya nang maayos bago makuha ang suporta nito.

“Maybe I don’t have a normal father,” he grumbled.

Narinig niyang tumawa sa kabilang linya ang girlfriend niya. “Whatever, Chase.”

“I need to go, babe. I’ll call you later.”

“Sure.”

“Yeah.” Kasabay ng pagbalsa niya sa cellphone ay ang pagpasok niya sa entrada ng office building.

Tumambad kaagad sa harapan niya ang isa sa kakaunting mukhang hihilingin niyang mabura na nang tuluyan kung maaari lang.

“Sir Chase, kanina pa po siya naghihintay sa inyo,” anang receptionist. “Mga tatlong oras na po.”

Sinalubong siya ng lady driver na may nakapaskil na malawak na ngiti at hawak ang supot na may lamang mani at balut.

“Oh, Christ!” Pangalawa ang babae sa listahan ng mga taong nagpapainit sa dugo niya. Nasa unang numero pa rin siyempre ang amang hindi niya makasundo. “Ikaw na naman? What are you doing here?” matalim niyang tanong dito.

Nagkamot ito ng ilong. “Magpapakilala lang po,” kinikilig nitong sabi. Sa sobrang kilig ay halos dumikit na ang baba nito sa kurba ng leeg dahil sa kakayuko at

paggalaw-galaw na tila kuting na nangingisay. “Hindi n’yo pa rin ho kasi kinukuha ang pangalan ko.”

“What would I need your name for?” Hindi niya itinago ang kawalan ng gana sa tinig. Dumerecho siya sa mahabang hallway at pumasok sa unang silid na siyang pinaka-opisina ng team niya.

Bumuntot sa likuran niya ang babae. Nag-mental note na siya sa isipan na sisitahin niya mamaya ang guard at receptionist kung bakit hinayaan lang ng mga itong makapasok ang isang hindi opisyal na empleyado ng kompanya sa loob ng office building.

“Ito namang si Bossing, napakasuplado. Ang mahal ng ngiti. Hindi ka puwedeng pang-toothpaste commercial.”

Huminto siya at nilingon ito. “I am a toothpaste commercial model. The most sought-after and highest paid.” Nang-aasar ang ngising ibinigay niya sa babae na ikinalaglag ng panga nito.

“Pocha! Hindi nga? S’abi ko na, eh!” bulalas nito. “Nakakasilaw ang kaputian ng ngipin mo!” hiyaw nito matapos hamigin ang sarili.

Nagsalubong ang mga kilay niya.

“Ay, sorry po,” anito, naitakip ang kaliwang kamay sa bibig na kaagad ding ibinaba nang may maalalang sabihin. “Bossing...”

Hindi umimik si Chase. Inabala niya ang sarili sa mga importanteng dokumentong nakapatong sa kanyang mesa. Sales report ang mga iyon. Hindi niya aaminin sa ama, pero nagiging interesado na siya sa kompanya nila.

“Bossing?”

Tikom pa rin ang bibig niya.

“Bossing?”

“What!” iritado niyang sikmat dito.

“Sari po,” ngiting-ngiti nitong pagpapakilala sa sarili.

Napabuntong-hininga siya. “Hi, Sari, nice to meet you. Satisfied?” Ipinulbo sa mukha niya ang inis. Gusto na niyang mamangha kung bakit hindi pa rin nakikita ng kaharap ang kanyang lantarang pagkayamot.

Sunud-sunod ang ginawang pagtango ni Sari.

“Satisfied na satisfied!”

He bit his tongue. “Good. Baka naman ngayon ay puwede mo na akong iwanang mag-isa. I need to work,” pasimple niyang pagtataboy rito. Hindi naman iyon inalintana ng dalaga.

Tumakbo ito palapit sa nakabukas na pinto at exaggerated ang ginawang pagwagayway sa kamay. “Bye, Mr. Dreamboy! Magkikita pa uli tayo! Hanggang sa susunod!” Tumalikod ito saglit bago

muling humarap at nagdalawang-isip pa kung lalapit sa mesa niya o hindi. Sa huli ay nagpasya rin itong lumapit para ilapag ang kanina pang hawak na supot sa ibabaw ng kanyang mesa.

“Wait, I don’t eat—” Nabitin sa ere ang boses ni Chase dahil nakalabas na ang dalaga. Wala sa loob na tiningnan niya ang iniwan nitong pagkain. Napailing na lang siya nang makita ang iginuhit nitong smiling face sa balut.





# Chapter

# Two

“Chase!” masigabong na pagsambit ni Raffy sa kanyang pangalan hustong paglabas niya mula sa kanyang opisina. Naikiling niya ang ulo pakaliwa at pinangunutan ng noo ang kaharap.

Raffy would be the third man on earth that he would opt not to see. Aso ito ng ama niya na nag-anyong tao, sigurado siya sa bagay na iyon. Isang domestic dog na sunud-sunuran sa dragon. Asong dinala ng ina nito sa kung saang butas ng mundo bago muling nahanap ang daan pabalik sa pamilya nila.

It was unfortunate though that the trained dog turned out to be his own brother—half-brother. Anak ng ama nila sa ibang babae. Halos atakehin sa puso ang ina niya nang malaman nito ang tungkol kay Raffy,

and that gave him all the more reason to loathe him.

Nang dahil kay Raffy at sa katotohanang minsan ay hindi naging totoo ang ama nila sa kanilang ina ay nasira ang kanilang pamilya. His mother left the house and never came back. Hindi lang ang pamilya nila ang nasira. Nasira rin ang magaang na disposisyon niya sa buhay.

“What are you doing here?” salat sa interes niyang tanong.

Ngumiti ito. “Alam mo na ang dahilan kung bakit nandito ako.”

Napailing siya at nagpalabas ng nababagot na hangin mula sa ilong. Naglakad siya patungong lobby. “I can’t believe the dragon sent you here. Hindi ko pa naman kailangan ang pet dog ngayon.”

The man chuckled. “Well...” Ibinitin lang nito ang litanya.

Nilakihan niya ang mga hakbang hanggang sa humantong siya sa kinapaparadahan ng kanyang sasakyan. Nakasunod pa rin sa likuran niya si Raffy sampung hakbang ang layo mula sa kanya.

Iritado niyang binuksan ang pinto ng pickup at isang maliit na kamay ang kaagad na kumaway sa kanya na ikinalaki ng kanyang mga mata. Nakaupo ang pamilyar na pigura ng babae sa kanan ng driver

side.

Napamura siya, sabay tingin sa direksyon ni Raffy. Palapit na nang palapit sa kanya ang dakilang Doberman Pinscher ng kanyang ama.

Mabilis siyang lumulan sa loob ng sasakyan at kinabig ang ulo ni Sari pababa sa kandungan niya. Hindi ito puwedeng makita ni Raffy. Naiisip na niya kung anong klaseng report na naman ang ibibigay nito sa kanyang ama kapag nakita nitong kasama niya ang babaeng kagaya ni Sari.

“Teka, Bossing, biglang aggressive ang drama? Agad-agad?” nakuha pang ihirit ni Sari bago ito tuluyang nag-dive sa kandungan niya. Kumawag-kawag ito kaya kaagad niyang pinalo ang kamay ng babae.

“Shh! Quiet! Hindi ka dapat makita ni Raffy!” pabulong niyang sikmat sa dalaga.

“Sino ba si Raffy?” naiintrigang tanong ni Sari. Nanlalaki ang mga mata nito sa curiosity. Para itong batang nagtatanong sa kanya kung totoo ba ang aswang.

“The hell, mamaya ka na magtanong, okay?”

Kumatok sa pinto niya ang dakilang Doberman, subalit hindi niya ito pinansin. Mabuti na lang talaga at heavy tinted ang salamin ng pickup. Binuhay niya

ang makina ng sasakyan at humarurot palayo.

Saka niya lang naalala si Sari nang maramdaman niya ang pagkamot ng kuko nito sa binti niya. Hinawakan niya ang tela sa likod ng t-shirt nito at hinatak iyon pataas.

“Ano na’ng nangyari?” Humigop kaagad ito ng hangin at pinuno ang baga. “In fairness, ang bangu-bango mo at ang titigas ng mga muscles mo sa... sa paa.”

Imbes na sumagot ay pinaningkitan niya lang ito ng mga mata. “How the heck did you get inside my car?” Puno ng pagdududa ang timbre ng boses niya.

“Hoy, walang forced entry, ha!”

“P’ano ka nga nakapasok sa loob ng sasakyan ko?”

“Bukas po ang pinto ng sasakyan n’yo.”

“No way.”

“Bahala ka kung ayaw mong maniwala,” anito, sabay patong ng mga paa sa dashboard.

“Hey, your feet!” Pinalo niya ang paa nito at pinagpag ang dashboard.

“Ang arte.”

“You know what...” Naipikit ni Chase ang kanyang mga mata upang payapain ang emosyon. Kinabig niya ang manibela pagilid at inihinto ang sasakyan sa tabi ng kalsada. Binuksan niya ang pinto ng

pickup sa bandang upuan ni Sari at hinayaan iyong nakatiwangwang. “Just... please, get out of the car.”

“Hala!” Malakas nitong hinila pasara ang pinto ng sasakyan. Sa sobrang lakas ay naalog ang mga katawan nila. “Gan’un-gan’un na lang? Biglang palalayasin mo na ako? Hindi porque English iyong pagtataboy mo sa akin ay hindi na masakit, ha! Baka nakakalimutan mong tinulungan kita kanina. Kung nag-ingay kaya ako? Ano kaya ang nangyari? Sino ba iyong Raffy na iyon? Nakita ko ang mukha ng lalaking iyon, kaya puwede ko siyang hanapin para personal na interogahin.”

Nagtagis ang bagang niya. Kung pinipilipit kaya niya ang leeg ng magaslaw na babaeng ito? “Okay, fine, what do you want from me?”

“Ikaw. Ikaw mismo. Ikaw ang gusto ko,” derechahan nitong pag-amin sa nilalaman ng damdamin.

Hindi niya malaman kung matatawa siya o maiinis sa kausap. Isa lang ang sigurado, napantastikuhan siya sa mga pinagsasabi nito sa kanya.

“Sari, I understand where you’re coming from. Believe me or not, alam ko kung ano ang nararamdaman mo. Thing is, I am not the right man for you.”

“Bakit hindi?”

“Because I have a girlfriend.”

Nanlumo ang dalaga. Nangilid ang luha sa hugis-almendras nitong mga mata. Animo ito sanggol na nakaambang ngumawa anumang oras.

“H-hindi totoo iyan.”

“Totoo, Sari. I don’t want to hurt you, pero ayoko ring umasa ka sa wala. Ibaling mo na lang sa iba ang damdamin mo. I’m sure nasa paligid lang ang lalaking para sa iyo.”

“Hindi! Hindi puwede!” kontra nito saka ngumuyngoy nang ngumuyngoy.

“Hey, calm down.”

Biglang hinatak ng dalaga ang kuwelyo ng polo niya at nang magpantay ang mga mukha nila ay mabilis nitong inangkin ang mga labi niya. Hindi na siya nakaimik. There was something about Sari. May kakaibang magnet ito. Natagpuan na lang niya ang sariling agresibong sinusuklian ang kapangahasan ng babae.

Ang klase ng init na lumukob sa katawan niya ay hindi pamilyar sa kanya. Init na ni minsan ay hindi pa niya naramdaman sa mga babaeng nagdaan sa mga kamay niya. Hinalikan at hinawakan niya ito. Hinayaan niya ang mga kamay na ekspertong hubarin

ang t-shirt ng lady driver.

Doon naman biglang bumukas ang pinto ng pickup at lumitaw ang pigura ng kanyang ama, si Mr. Nicandro Tan. Nakadikit sa tabi nito si Raffy. Nakatunog pala ang loko at sinundan sila, pero hindi niya inaasahang makakapagsumbong kaagad ito sa dragon. Kailan pa dumating ang matanda at kailan pa ito nagdesisyong sundan siya sa lupang pinagtapunan nito sa kanya?

“Dad!”



“Dad, please tell me honestly, ano ang ginagawa natin dito?” pasimpleng tanong ni Chase sa kanyang ama at disimuladong pinaraan ng tingin ang maliit na bahay ng mga Silang. Konkreto ang bahay pero hindi na napinturahan at kulang sa kagamitan. Wala ring pinto ang mga silid na sinabitan lang ng mumurahing mga kurtina para hindi direktang makita ang loob.

Tinitigan siya nito at pinalo ng baston ang binti niya. “Namamanhikan.”

“What! Wala nga kaming relasyon ni Sari. She kissed me. Siya ang nag-initiate. Nagpakita siya ng motibo. I kissed her back, yes, pero walang ibig sabihin iyon at hanggang d’un lang iyon. Wala pang

nangyayari sa amin na hihigit d'un sa nakita mo.”

Hindi nagsalita ang matanda pero halatang nag-iisip ito. Hindi niya lang alam kung pabor sa kanya ang iniisip nito.

“Dad, mas naniniwala ka sa babaeng iyon?”

Nagtagis ang mga bagang niya. Pinalabas ni Sari na dati nang may namamagitan sa kanilang dalawa. That they had shared more than just plain kissing. Gusto niya tuloy sakalin ang babae dahil sa mga gawa-gawa nitong kuwento.

Hindi pa rin nagsalita ang kanyang ama.

“Dad, seryoso ka? Hindi ko kilala ang Sari na iyan at ni hindi mo kilala kung ano'ng klase ng pamilya meron iyang babaeng iyan.”

Tumikhim ito. “I've met them. Kilala ko na sila ngayon. Hindi ba at nakausap ko na ang mga magulang ni Sari kanina?”

“And? That's it?”

“Kailangan mong pakasalan si Sari.”

“No!” sigaw niya, sabay tayo mula sa upuan. “Ano 'to, pikot? This is a trap!”

“May problema ho ba, Tito Nicandro?” biglang singit ni Sari na isinungaw ang ulo mula sa kusina. Mayamaya lang ay lumapit na ito sa kanila at inilapag ang mamon at baso ng orange juice. “Kain po kayo,



Tito.”

“Ano bang ‘Tito, Hija? Call me ‘Dad’ o ‘Papa.’”  
Mainit ang ngiting ipinamalas ng amang si Nicandro kay Sari.

Parang sasabog ang dibdib ni Chase sa pagtitimping masigawan ang babae. This woman would never become his wife. Hindi siya papayag! Una sa lahat, may girlfriend na siya. At kahit na wala man ay hindi pa rin siya papatol sa babaeng katulad ni Sari—magaslaw, madaldal, nagmumura at hahabul-habol sa kanya. He would not marry her, even if it would mean feeding his fats to the worms.

“You will marry Sari,” madiing bulong sa kanya ng ama niya nang umalis saglit ang dalaga para tulungan ang mga magulang nito sa kusina. “Gusto ko siya para sa iyo.”

“Dad, ano ba’ng nagustuhan n’yo sa babaeng iyon? Hindi siya refined kumilos, hindi siya sopistikada, hindi siya katulad natin.”

“Bakit? Ano ba tayo, Chase?”

Napabuntong-hininga siya. Hindi siya mananalo sa kanyang ama. Sikat at magaling na abogado si Nicandro. He sighed in defeat. “They’re financially challenged.” Hindi siya matapobre subalit wala na siyang maisip na dahilan.

“Iyan lang ang rason mo, Chase? Napakababaw.”

“Ikaw, Dad, ano ba ang dahilan mo? Ano ba ang nakita mo kay Sari? Ni hindi mo pa nga siya nakikilala nang husto.”

“I have my reasons, Chase.”

“Whatever, Dad, hindi pa rin ako papayag na maikasal sa babaeng hindi ko gusto.”

“You can’t say no, Chase, alam mo iyan. Nag-usap na tayo, hindi ba? This is the only thing I would ask from you in exchange.”

“Ang pagtatrabaho ko sa kompanya bilang sales director? Ano ang tawag mo d’un? Hindi pa ba sapat iyon? This is my life, Dad.”

May malabong emosyon sa mga mata ni Nicandro nang salubungin nito ang matalim na kislap sa kanyang mga mata. “Give it six months, son. Pagkatapos ng anim na buwan, puwede na kayong maghiwalay.”



“How much?”

Nagulat si Sari nang biglang lumitaw sa harapan ng tricycle niya si Chase. Madilim ang mukha nito at tila buwitreng handang manlapa ng kuting. “A-ano?”

“Magkano ka? Sabihin mo lang kung gaano kalaking pera ang kailangan mo para lang tantanan

mo ako at hindi ka sumipot sa kasal.”

Tuso ang dragon. Hindi niya basta-basta na lang mababali ang isang bagay na napagdesisyunan na nito. Puwede siyang lumaban pero may mga bagay at tao siyang kailangang protektahan. There had to be another way. Hangga’t hindi pa niya alam kung paano makukuha ang kailangan niya ay dapat siyang maging maingat.

Napailing si Sari. Naglumikot ang mga mata nito sa paligid. Nakamasid sa kanila ang mga nagpapahingang driver. Inis niyang hinatak ang kamay nito at dinala malayo sa mga nagkukumpulang tao.

“Hindi mo naiintindihan, Chase. Hindi pera ang habol ko.”

“Kung hindi pera, ano?”

Natampal nito ang noo. “Ang labo mo naman, o. Ikaw. Ikaw nga ang gusto ko! Mahal kita. Gusto kita. Ikaw ang Mr. Dreamboy ko!” Halos magpapadyak si Sari para paniwalaan niya lang.

“Rubbish! Aatras ka. Else...”

“Kung hindi, ano?”

Naningkit lalo ang mga mata niya sa galit. “Magsisisi ka dahil gagawin kong miserable ang buhay mo sa piling ko.”



“Ma’am Sari, tutuloy pa ho ba tayo sa simbahan?”  
lingon ng driver sa kanya.

Napatuwid siya ng upo sa backseat at ipinako ang mga mata sa puting guwantes. “A-anong oras na ho ba, Manong?”

“Sampung minuto bago ang takdang oras ng kasal n’yo, Ma’am.”

7:50AM. Tutuloy ba siya? Sisipot ba siya sa kasal? Nagri-replay sa utak niya ang bawat katagang puno ng pagbabantang ibinato sa kanya ng lalaking nakatakda niyang mapangasawa. Gagawin nitong miserable ang buhay niya. Handa ba siya?

Humugot siya ng malalim na paghinga at mariing ipinikit ang mga mata. Pagmulat niya ay tila mas lumiwanag ang mga ulap sa kalangitan. Senyales iyon na maliwanag ang bukas sa piling ni Chase gaano man kasama ang ipakita nito sa kanya ngayon.

“Manong, derecho po tayo sa simbahan,” pinal niyang sabi. Bahala na. Ano ba ang pinakamalalang maaaring gawin sa kanya ni Chase? Baka ibitin siya nang patiwariik o ikulong sa attic?

*Lord, Kayo na po ang bahala sa akin...*

# Chapter

# Three

*N*anlalamig pati dulo ng mga daliri ni Sari. Tila nagkaroon siya ng instant magic fingertips na kayang gawing yelo ang kahit na anong bagay na dumikit sa balat ng daliri niya. Kung sakaling nabigyan lang ng pagkakataong makapagsalita ang puso, pihadong sinabihan na siya nitong lagot siya.

Naghihintay sa altar ang groom na hindi itinago ang pagkadismaya, disgusto, galit at pagkabuwisit sa kanya. Kung ano ang ikinaganda ng pisikal nitong anyo ay siya namang ikinaitim ng invisible usok na nakapalibot dito. Maaaring hindi napapansin ng mga bisita, pero kitang-kita niya ang pagkuyom ng kamao at pagdilim lalo ng mukha ni Chase.

Kahit na nae-excite sa nalalapit na pagpapalit niya

ng apelyido, hindi pa rin niya maiwasang matakot at mangamba. Dahilan para manigas ang mga buto niya sa binti. Inilibot niya ang mga mata sa paligid at sinalubong siya ng mga mukhang madalas ay nakapaskil sa malalaking billboards at sikat na mga babasahin.

Sikat at kilala ang karamihan sa mga taong dumalo sa kasal ni Sari. Mga taong mayamaya lang ay magiging living witnesses na ng pakikipag-isang-dibdib niya sa lalaking hinahabul-habol ng sambayanan dahil sa taglay nitong karisma.

*Tama ba 'tong desisyon ko?* tanong niya sa sarili na kaagad ding sinagot ng bilib na bilib sa sarili niyang utak. *Tama lang 'to, ano, dahil ako naman talaga ang kaputol ng puso—*

Hindi na niya natapos ang litanya dahil sa nawalan siya ng balanse. Naapakan niya ang laylayan ng kanyang wedding gown. Nagkandabuhul-buhol ang mga paa niya, huli na para subukan niyang umiwas sa halik ng malamig na semento at sumakto ang mukha niya sa sahig. Nagkulay ube ang noo ni Sari. Nagpapaawang tumingin siya kay Chase, subalit isang walang pakialam na iling lang ang ibinigay nito sa kanya.



“Hoy, kargahin mo naman ako!” ungot niya sa asawa. Nakatayo siya sa tapat ng gate ng bahay nila. Minsan na niyang nakita ang bahay ni Chase noong inihatid niya ito roon dahil naubusan ng gasolina ang sasakyan nito.

Ang malawak na lupang kinatatayuan ng buong subdivision ay pag-aari pala ng *Universa Prime*. Sabagay, nasa pangalan naman—*Universa East*. Ibig sabihin din niyon ay pag-aari ito ng pamilya ng asawa niya.

Pinakauna ang bahay nila, block one, at direktang katapat ng guardhouse. Dalawang lote ang sakop kaya malapad at maaliwalas. Tatlong palapag ang bahay na mas mukhang hotel kaysa normal na tahanan ng isang pamilya. Dominante ang kulay puti at pilak maliban sa barandilya ng dalawang terasa sa second floor na itim ang pintura.

Nakahanda na ang matalim na kislap sa mga mata ni Chase nang lingunin siya nito. “Gusto mong magpakarga? Okay, tawagin mo ang guwardya sa guardhouse at sa kanya ka magpakarga,” anito, at dere-derechong naglakad patungong pinto, papasok ng malaking bahay.

Nakamot na lang ni Sari ang kanyang ilong. “Ang sungit!” reklamo niya. “Di bale na, mag-asawa

naman na tayo. Wala ka nang kawala sa akin ngayon,” pabulong niyang dugtong, ngingiti-ngiti sa sarili at ninamnam ang bawat paghakbang.

Itutulak pa lang niya ang pinto nang biglang bumukas uli iyon. Nagtitigan sila ni Chase bago gumalaw ang mga mata niya upang suriin ang kabuuan ng asawa. Nahubad na nito ang damit na isinuot sa kasal nila at nakapagpalit na ng casual shirt at denim jeans. Paano nito nagawang magbihis nang ganoon kabilis? Sadya bang mabagal ang paghakbang niya kanina?

“M-may pupuntahan ba tayo?” tanong niya rito.

Tumaas ang isang sulok ng mga labi nito para sa isang nang-uuyam na ngiti. “Ako meron, ikaw wala.”

“Ha? Bakit?”

“Because I do not want to see your face. You are annoying. Hindi ko alam kung ano ang nakita sa iyo ng dragon at ipinagpilitan ka niya sa akin. Hindi kita gusto, Sari, at titiyakin kong hindi mo rin magugustuhan ang buhay na pinasok mo.”

Napalunok si Sari. Tumikhim siya upang alisin ang bara sa kanyang lalamunan. “So, gagawin mong impyerno ang buhay ko sa piling mo, gan’un ba? ’Sus! Lagi kong nababasa ang ganitong eksena sa mga pocketbook. Alam ko na ang ending nito. Mahuhulog



ka rin sa akin sa huli at magiging masaya tayo.”

“You’re crazy.”

Nilampasan siya ni Chase. Wala itong pakialam kung nasagi man nito ang braso niya. Sumakay ito sa pickup at mabilis iyong pinaandar. Bumangga ang puwit ng sasakyan sa tarangkahan dahil sa walang ingat nitong pag-atras.

Napangiwi siya sa tunog ng nagsalpukang metal.

“Dammit! Open the gate, idiot!” sigaw nito sa kanya.

Tumalima siya at pinanood ang sasakyan at ang pagsayaw ng alikabok sa sementong daanan. Idinikit niya ang palad ng kaliwang kamay sa nayuping tarangkahan.

“Saan kaya ang punta ng mokong na iyon?” tanong niya sa hangin. Sandaling nanahan ang katahimikan bago, “Masundan nga!”



“Ano’ng ginagawa mo dito? What, you’re my PA now?” mahina subalit madiing tanong ni Chase sa bagong lapit na lalaki. Gaano na ba kaliit ang mundo at kahit na sa hindi kilalang bar ay nasusundan siya nito? Pinili nga niyang magbabad sa hindi usual na lugar na puntahan niya para wala siyang makasamang kakilala o kaibigan. He needed to be alone.

The man smirked. Inokupa nito ang upuang katapat ng sa kanya. “It’s your wedding day, man. Where’s your wife?”

“None of your f\*cking business,” he hissed.

Itinaas ni Raffy ang kamay at um-order ng beer. “Alam kong galit ka sa akin. Alam kong hindi tayo nag-uusap nang hindi nagkakainitan. Alam kong hindi maganda ang relasyon natin bilang magkapatid. Still, I will be very honest with you this time, Chase; matagal na kitang sinusundan. I know how you met her. I know that Sari has fallen hard for you. And I know that the feeling isn’t mutual.”

Tumawa siya nang pagak. “And you told Dad about her.”

“Yes, but I had no idea that he would use her to trap you into marriage. Ni hindi niya sinabi sa akin ang tungkol sa bagay na iyon. I only knew about it when the wedding date was already set.”

“You know what, I don’t care anymore.” Itinaas niya ang kamay at iwinagayway sa tapat ng mukha ni Raffy. “See this,” tukoy niya sa wedding ring. “I am a married man now. This, you cannot change.”

Huminga ito nang malalim. Mukhang nagi-guilty talaga ito. Kung pakakaisipin naman kasing mabuti ay malaki ang kontribusyon nito sa kaguluhan at

kamalasang nangyayari ngayon sa buhay niya.

“One day, someday, I will fix everything,”  
makahulugan nitong sabi.

He snorted. “Cool. Hihintayin ko ang araw na iyan,” puno ng sarkasmo niyang tugon.

“Chase!”

Sabay pa silang napalingon ni Raffy sa pinanggalingan ng tinig.

“Oh, no...” he groaned. There she was, the most impossible woman in the world, the great Sari Silang. Naka-tattered pants at itim na t-shirt.



Nakahinga siya nang maluwag nang mahanap ng kanyang mga mata si Chase. Sinuyod lang naman niya ang lahat ng kalye at kantong alam niya saka hinalughog ang walong bars bago natunton ang kinaroroonan nito.

May kausap itong lalaki na kaagad niyang namukhaan. Ito iyong parehong lalaking iniawasan nito noon sa parking lot ng *Universa Building*.

“Chase!” muli niyang tawag sa asawa. Hindi gumalaw sa upuan ang dalawang lalaki na nakapako lang sa kanya ang mga mata habang naglalakad siya palapit sa mga ito. Her husband frowned. The other man just stared at her, curious and half-amazed.

Guwapong lalaki rin pala ito at medyo nahahawig pa nga sa asawa niya ang hitsura. Mas mabait lang nang kaunti ang bukas ng mukha nito kumpara kay Chase.

“Great! Just great! Two stalkers in a single night.”  
Ipinaling nito sa ibang direksyon ang mukha at ipinagpatuloy ang pagsimsim sa alak. Sa lalim ng pagkakasimangot nito, alam na ni Sari na hindi ito natutuwa sa kanyang presensya.

“Gusto lang kitang makita at para sabay na rin tayo sa pag-uwi mamaya.”

“What makes you think I want to go home with you?” he spat. Pinasadahan siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa at base sa ekspresyong lumatay sa guwapo nitong mukha ay hindi nito nagustuhan ang nakita.

Natigilan siya at atubiling sumulyap sa lalaking katabi nito. Binigyan naman siya nito ng nakakaunawang ngiti.

Tumayo si Chase at nilapitan ang magandang babaeng nakaupo sa katabing mesa nila. The woman wore a skimpy red dress. She was on fire. Malagkit ang pagkakangiti nito sa asawa niya.

Nagsikip ang dibdib ni Sari at hindi niya maisara ang bibig. Ibinagsak niya ang pang-upo sa silyang binakante ng lalaki at sunud-sunod ang ginawa niyang

pag-iling, sabay abot sa naiwang bote ng beer ni Chase. Inubos niya ang natitirang kalahating laman niyon.

“Asawa ko iyan,” baling niya sa lalaking kahawig ni Chase.

Nagulat naman ito sa biglang pagharap niya rito. “I’m sorry?” anito.

“S’abi ko, asawa ko iyang lalaking maharot na iyan na nakikipag-flirt sa ibang babae kahit na nandito naman ako.”

“Oh...” was all that he could say.

“Ikaw, may-asawa ka na ba?”

Halatang nagulat ito sa tanong niyang iyon pero kaagad ding nakabawi. Ngumiti ito at umiling. “Not in my priority list as of this time.”

“Oh...” aniya na gayang-gaya ang tono ng pag-‘oh’ nito kanina. “Kaibigan ka ba ng asawa ko? Noong huling beses kitang nakita, eh, iniwasan ka naman ni Chase.”

Muli itong ngumiti, tipid. “I am not his friend. Actually, he hates me.”

“Oh!” aniya na tumaas nang kaunti ang tinig. “Gan’un? Bakit, ano’ng ginawa mo sa kanya? Hindi ka pala kaibigan ng asawa ko. Hindi na rin kita gusto. Ang kaaway ng asawa ko ay kaaway ko rin,” matapang niyang saad.

Nagkatunog ang kanina ay simpleng ngiti lang ng kaharap. “I can explain. I am not his friend, I am his brother. Half-brother.” In-extend nito ang kamay sa kanya. “Raffy.”

Hindi nakapag-react kaagad si Sari. May half-brother si Chase? Wala itong nababanggit sa kanya. But then again, bakit nito babanggitin ang bagay na iyon sa kanya? Ni hindi siya nito gustong makita o makausap. Ugali na siguro ni Chase ang gawing kaaway ang dapat ay kapamilya. Hindi nito gusto ang kapatid. Hindi rin siya nito gusto bilang asawa.

*Hays!*

“Ako naman si Sari,” aniya, nakasunod pa rin ang mga mata sa bawat galaw ng kanyang asawa sa di-kalayuan. Nakita niyang inaya nito ang babae sa dance floor at nagdikit kaagad ang katawan ng mga ito. “Ampteks!” she shrieked.

Hindi na niya pinag-isipan ang ginawang paglapit kay Chase at sa kasayaw nitong babae. Sapilitan niyang binaklas ang mga braso ng babaeng nakaangkla sa leeg ng kabiyak niya. “Hoy, Miss, huwag kang nang-aagaw ng asawa ng may asawa!”

“What are you talking about? Sino ’tong babaeng ito?” naguguluhang tanong ng babae kay Chase na nakaturo pa ang hintuturo sa mukha niya.

Tinabig niya ang kamay nito at pinandilatan ito ng mga mata. Pinasadahan niya ng tingin ang estranghera. Malusog na dibdib lang ang lamang nito sa kanya.

*Maliit na bagay!*

Itinuwid niya ang likod at pinangalandakan ang katamtamang sukat ng kanyang dibdib. “Ang babaeng ito ay asawa ng lalaking kasayaw mo!” turo niya sa sarili.

“The hell! Totoo ba? This chimp is your wife?” baling uli ng babae kay Chase.

Naningkit lalo ang mga mata niya. *Chimp!* Tinawag siya nitong chimp! Nagkorteng target talaga ang mukha ng babae at gusto niya itong sapulin ng suntok. Mabuti na lang at napapakalma pa niya ang sarili.

“Chase, asawa mo ba talaga ang babaeng ito?”

Naghintay sila ng tugon mula sa lalaki.

“Chase!” untag niya sa asawa.

Nginisihan lang siya nito. Ngising nagpatayo sa mga balahibo niya sa katawan dahil sa takot. Parang alam na niya kung ano ang isasagot nito at hindi nga siya nagkamali.

“No.”